Sa lahat ng Magulang/Tagapag-alaga ng mga banyagang mag-aaral, （タガログ語）

# MALIGAYANG PAGDATING SA GAMAGORI

Ang mga paaralan dito sa Gamagori ay aktibo at walang pag-aalinlangang tumatanggap ng mga dayuhang mag-aaral

Sa bansang Hapon, **ang mga batang may edad mula 6 hanggang 15 na taon ay edad ng sapilitang edukasyon.**

Ang mga dayuhang estudyante na nais mag enroll sa **pampublikong paaralan, elementarya o junior high school ay tinatanggap sa parehong pamamaraan ng pagtanggap ng mga Hapon na mag-aaral.**

**Bigyan natin sila ng edukasyon at pag-aralin natin sila, dahil ito ang pinakamahalagang panahon para sa magandang kinabukasan ng inyong anak.**

**Libre po o walang bayad ang tuition fee (matrikula),** gayon din ang **mga textbook na ipapamahagi** sa mga pampublikong paaralan elementarya o junior high school.

## PROSESO NG PAGLIPAT/PAG-ENROLL

### 1 Iparehistro ang pagtira/paglipat sa Gamagori sa Munisipyo, Citizen's Affair Division (1st floor)

Paki fill up ang mga sumusunod;

- 「転入学通知書」(Ten nyugaku tsuchisho) (Form ng pag-enroll at Form ng Paglipat ng estudyante)
- 「日本語に対するアンケート」(Nihongo ni taisuru anketo) (Japanese Language Proficiency Questionnaire)

### 2 Pakikipagpanayam (Interview) sa BOE (Board of Education). (6th floor ng Munisipyo)

・ Ipapaliwanag sa inyo ang tungkol sa papasukan/paglilipatang paaralan.

・ Maari kayong kumunsulta sa amin kung paano ang mga paghahandang gagawin sa araw ng pag-enroll .

・ Bibigyan ng gabay ang mga bagong mag-aaral ukol sa pagsasanay sa Wikang Hapon, at Pisikal na Pagsusuri sa Tuberculosis.





6F「学校教育課 *Gakko Kyoiku Ka*」
Board of Education

# 3 Pagbisita sa Paaralan

・Bumisita sa paaralan at magpa-enroll.

Sa mga paaralan ng Gamagori, **may espesyal na programa para sa mga mag-aaral na hindi nakakaintindi ng Wikang Hapon**. Tuturuan sila alinsunod sa antas ng kanilang kaalaman sa pagsasalita at pagsusulat ng Wikang Hapon..

**1** **Bawat paaralan ay may klase sa pag aaral ng Wikang Hapon**

※Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong paaralan.

**2** **Una, kailangang mag-aral muna sa Programa para sa mga baguhang estudyante “きぼう” (KIBOU) na (matatagpuan sa Shiotsu Elementary School)**

**【Japanese Language Program for New Students “きぼう” (KIBOU)】**

■Lugar：**Shiotsu Elementary School**

Gamagori-shi Takenoya-cho Imamidou 31-1

■Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Munisipyo ng Gamagori

Board of Education, ０５３３－６６－１１６５








**PAKIUSAP**

**Sa mga mag-aaral na galing sa bansang may mataas na lebel ng pagkalat ng Tuberculosis**

Kinailangang sumailalim sila sa Pagsusuri ng Pisikal na Eksaminasyon sa tuberculosis **(Chest X-ray)** sa lungsod ng Gamagori. (Sa mga mag-aaral na nakatira sa mga bansang tinutukoy, ng mahigit sa kalahating taon, sa nakalipas na 3 taon)

**Ang pagsusuri na ito ay ipinag-uutos, at ito ay walang bayad o libre.** Ang mag-aaral na hindi sasailalim sa pagsusuring ito ay hindi tinatanggap at hindi pinapayagang pumasok sa paaralan.

■Petsa at Oras：Isang beses sa isang buwan sa araw ng Sabado alas 10:30 ng umaga..

■Lugar　：Gamagori-shi Hoken Center, 2nd floor

*Ningen Dokku* (Specific Physical Exam) Section

**※ Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Board of Education, o di kaya ay sa paaralan na inyong pag-eenrolan.**